Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised May 28, 2022

ST309. Soteriology: 9. Sanctification 2 of 2

Part II Ang Pagbabanal

Ang doctrina ng Sanctification ay tinatalakay sa Old Testament at New Testament. Sa Old Testament, ito ang paghihiwalay mula sa karamihan o pangkaraniwan upang maibukod para sa gawain ng Diyos lamang. Maaaring ang ibinukod ay sinumang tao o alin mang bagay. Tulad ng sinabi ng Diyos kay Moses sa Exodus 13:1, *Ibukod mo sa Akin ang bawat panganay na lalaki. Ang unang supling ng tao man o hayop sa Israel ay Aking pag-aari.* At sa Leviticus 8:10 naman matutunghayan natin ang pagbubukod na ginawa ni Moses sa tabernaculo, sa altar at sa lahat ng kasangkapang naroon bilang pagsunod sa utos ng Diyos. Pati si Aaron ay ibinukod din para sa pagsasagawa ng mga ritual ng kanilang relihiyon bilang high priest. Sa New Testament, tulad ng nasabi na, ang sanctification ay isang proseso ng pagbabago tungo sa pagcocomporme sa wangis ni Cristo na nagaganap lamang sa buhay ng taong born-again. Kasakop sa pagco-compormeng ito ang natatanging pagsamba at paglilingkod sa Diyos.

Sa dalawang bagay na ito nagiging malinaw ang katotohanang nagaganap sa buhay ng isang tunay na Cristiano: Ang kanyang pagsamba sa Diyos ay lumalago sa katotohanan at sa espiritu sapagkat ang katotohanan o salita ng Diyos ay siyang nagbubukod sa kanya ayon sa sinabi ni Cristo sa John 17:17. Maging ang kanyang paglilingkod sa Diyos ay nagmumula sa kanyang puso at hindi sa sariling lakas na nagiging kapuna-puna sa mga ibang manggagawa sa kanyang paligid.

Part III Issues

1. Ang Sanctification ba ay *pre-requisite* o kinakailangan ng Justification? Ang catolicong sanga ng Cristianismo ay nagsasabing kinakailangan na ang pananalig ay may kasamang mga mababuting gawa na dapat ay mas mabigat kaysa kanyang mga kasalanan sa sandaling ilagay ang mga ito sa timbangan pagdating ng paghuhusga ng Diyos. Maliwanag na sinasabi ng Bibliya na ang bahagi ng sanctification na may kinalalaman sa paglilinis ng budhi ng isang Cristiano upang ang kanyang wangis ay mas maging katulad ng kay Cristo, ay nagsisimula matapos na siya ay ma-justified na o mapawalang-sala. Sa Bibliya, nauuna ang *Justification* kaysa sa proseso ng *Sanctification*. Ang pagbabanal sa buhay ng mga born-again ay kasama sa inner-struggle na nagaganap sa kanyang pang-araw-araw na buhay; ang nararanasan niyang bakbakan sa kanyang old self at new self.

2. Ang Sanctification ba ang magdadala sa isang Cristiano sa langit? May isang sanga ng protestanteng ristianismo ang nagsasabing maaaring mawala ang *Salvation* ng isang Cristiano matapos na siya ay ma-born-again kapag siya ay naging pabaya sa kanyang pananampalataya. Isa itong doctrina na may kinalalaman sa *Sanctification* na *performance-based.* Nakasalalay ang kaligtasan ng tao sa kanyang performance at hindi sa performance ng Diyos. Maliwanag na tinuturo ng Bibliya at ng ating aralin na ang puno't dulo ng kaligtasan ng mga hinirang ng Diyos, ng mga tupa ni Cristo, ay ang tatlong persona ng Godhead.

3. Ang patuloy na *back-sliding* ba ng isang professing Christian ay nagpapatunay na hindi tunay ang kanyang pagtanggap sa Gospel? Para naman sa sangay ng protestanteng Cristianismo na nagtuturo na

hindi nawawala ang kaligtasan na tinatamo ng mga tumatanggap kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo, ang issue ay tungkol sa *back-sliding*. Maliwanag sa ating pagtatalakay ng patotoo ni Pablo sa Romans 7 at iba pang bahagi ng kanyang mga sulat, na ang *struggle for dominance* ng *old heart* at *new heart* ng isang *born-again* ay matindi. At dito nagkakaroon ng kabuluhan ang parte ng isang mananampalataya sa proseso ng *Sanctification.* Lahat ng tunay na Cristiano ay nagkakasala pa dahil sa presensya ng kanyang *sinful nature*, subalit ang presensya din ng Espiritung Banal ay nasasa kanya na patuloy ang paggalaw sa kanyang buhay. Ang isa sa pinakamahalaga at kayang gawin ng mananampalataya ay ang mag-*confess* ng kanyang kasalanan bago lumubog ang araw. Kinakailangan na makitaan ng progreso ang buhay espiritual ng isang *professing* Christian, maski gaano kaliit, kung ang kanyang pinatotohanang pagtanggap kay Cristo ay magiging kapani-paniwala. Napagmamasdan ang progresong ito sa paglago ng kanyang kaalaman sa salita ng Diyos at sa kalidad ng kanyang pagsamba.

I. ***Multiple Choice***

1. Sa Old Testament ginagamit ang pagbubukod sa
   a. Mga hayop lamang na ginagamit sa paghahandog.
   b. Paghihiwalay ng mga bagay, tao o hayop para sa gawain ng Diyos
   c. Mga bagay lamang na ginagamit sa tabernakulo.

2. Si Aaron ay ibinukod din
   a. Bilang handog sa Diyos
   b. Para sa pagsasagawa ng mga ritual bilang high priest.
   d. Bilang panganay na lalaki.

3. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Sa NT, ang sanctification process ay maaaring maranasan ng lahat ng nakakakilala kay Cristo.
   b. Sa NT, ang sanctification ay proceso ng pagbabago tungo sa pagcocomporme sa wangis ni Cristo.
   c. Sa NT, ang sanctification ay nagaganap lamang sa buhay ng mga taong born-again.

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang sanctification ay pre-requisite ng justification.
   b. Ang justification ay nauuna kaysa sa proceso ng sanctification.
   c. Ang tao na hindi pa na-justify ay hindi makararanas ng sanctification.

5. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang ating kaligtasan ay hindi performance-based sapagkat ito ay biyaya na kaloob ng Diyos.
   b. Ang tao ay may bahagi sa kanyang sanctification sa oras na siya ay ma-born-again.
   c. Ang sanctification ay magdadala sa isang Cristiano sa langit.

6. Ang back-sliding ay nagpapatunay na
   a. Hindi makakarating sa langit ang isang professing Christian.
   b. Totoo ang struggle na nararanasan ng believer sa dominance ng old and new heart.
   c. Hindi tunay ang pagtanggap ng isang professing Christian sa gospel.

© Conrad Jun Tolosa 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.